

* Ito si Mila, isang batang babae na kaibigan ni Elsa.



* Ito si Aling Norma, nanay ni Elsa.



* Ito ang mahiwagang singsing na natagpuan ni Elsa.



 Ito si Elsa, isang mag-aaral sa elementarya at anak ng mahirap.



* Isang matandang babae

# Si Elsa at Ang Mahiwagang Singsing



**Kuwento ni :**

**Rhea R. Linggayo**

**Guhit ni:**

**Abner B. Dimaandal**



**COPYRIGHT NOTICE**

**Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:**

**"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of government agency whose work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."**

**This material has been developed within the Learning Resource Management and Development System-Cordillera Administrative Region-Schools Division Office of Abra (LRMDS-SDO-Abra) and has been implemented by the Curriculum Implementation Division (CID) of the Department of Education, Cordillera Administrative Region, Schools Division Office of Abra. It can be reproduced for educational purposes and the source must be acknowledged. Derivatives of the work including creating an edited version, an enhancement or supplementary work are permitted provided all original work is acknowledged and the copyright is attributed. No work may be derived from this material for commercial or profit.**

**Author: Rhea R. Linggayo** **Illustrator: Abner B. Dimaandal**

**DEVELOPMENT TEAM**

Writer: **Rhea R. Linggayo**

Illustrator: **Abner B. Dimaandal**

Learning Resource Management Development System:

***Ronald T. Marquez***
Education Program Supervisor-LRMDS-ABRA

***Headwig M. Belmes***

Chief ES, Curriculum Implementation Division

# Si Elsa at Ang Mahiwagang Singsing



Isinulat ni :
Rhea R. Linggayo



**Si Elsa ay isang mag-aaral sa ikaapat na baitang. Mag-isa siyang itinataguyod ng kaniyang ina dahil maagang pumanaw ang kanyang ama. Simple lamang ang kanilang pamumuhay. Tanging paglalabada lamang ang hanap-buhay ng kanyang ina. Dito nila kinukuha ang pang araw-araw nilang gastusin.**

**Hikahos man sa buhay, nairaraos naman nilang mag-ina ang kanilang gastusin sa bahay at sa kanyang pag-aaral. Hindi man maituturing na pinakamagaling sa klase si Elsa, pasado naman siya sa lahat ng kanyang asignatura .**



Isang araw ng Sabado pagkatapos magluto, “ Inay nakaluto na po ako,” sabi ni Elsa sa kanyang ina.

“Sige anak, ayusin mo na ang mesa at nang makakain na tayo,’’ sagot ni Aling Norma.

Naglapag ng dalawang plato at dalawang baso sa hapag - kainan si Elsa. Naghain na rin siya ng kanin, sabaw, at saging.

“O, magdasal muna tayo anak bago kumain,” sambit ni Aling Norma.


“ Opo inay, ako na po ang magsisimula,” sagot niya.

“ Panginoon, salamat po sa pagkaing ipinagkaloob mo sa amin, nawa ay makapagbigay po ito ng lakas sa amin ni Inay. Salamat po sa araw na ito,” dasal niya.



**Pagkatapos nilang kumain, nagpaalam si Elsa sa kanyang ina para mangahoy sa bundok.**

**Inayos ni Elsa ang gagamitin sa pangangahoy. Kinuha niya ang itak sa gilid ng bahay nila at binuhat ang malaking basket na gawa sa kawayan. Kapag napuno ito ng tuyong kahoy, sapat ng panggatong nila ng isang linggo. Mataas pa ang araw ngunit ayaw nang mag-aksaya ng oras si Elsa. Nagmamadali na siyang umalis ng bahay upang sunduin ang kaibigang si Mila. Ilang metro lamang ang layo ng bahay nina Mila sa kanila. Mga limang minuto lamang ay narating na niya ang bahay ng kaibigan.**



Pagdating ni Elsa sa harapan ng bahay nina Mila, tinawag agad nito ang kaibigan.

“Mila, tayo ng mangahoy sa bundok” sabi ni Elsa. “Dalian mo at baka gabihin tayo, “ dagdag pa niya.

Lumabas naman agad si Mila. Nakahanda narin ang gamit niya sa pangangahoy. Mayroon din siyang dalang itak at lalagyan ng kahoy. “Inay, aalis na po kami, paalam ni Mila sa kanyang ina.



**Halos kalahating oras bago narating nina Elsa at Mila ang bundok kung saan sila mangangahoy.**

**"Hay, nakakapagod, Mila," hinihingal na sabi ni Elsa.**

**"Oo nga, Elsa. Buti nakarating tayo nang matiwasay. Magsimula na tayo para hindi tayo gabihin," sagot ni Mila. At nagsimula na silang kumuha ng tuyong kahoy. Nagkahiwalay silang magkaibigan sa pangangalap ng tuyong kahoy. Sa pagmamadali, hindi nila namalayan na nagkalayo na pala sila.**

.



Sa sobrang abala ni Elsa sa pangangahoy, hindi niya napansin na nawala ang kaibigan. Habang pasan niya ang mabigat na basket, patingin-tingin siya sa paligid sa pag-aakalang makita niya ang kaibigan.

Lakad-takbo ang ginawa niya nang muntik na siyang matalisod. Nasabit kasi sa paa niya ang isang bagay. Ibinaba niya ang buhat na basket upang tignan kung ano ito. Nagulat siya nang makita niyang isa itong bag na pula. Binuksan niya ito upang alamin kung ano ang laman dahil parang napakabigat nito. Nanlaki ang mata ni Elsa nang makita ang napakaraming alahas at ginto na laman ng bag. Tumingin siya sa paligid baka sakaling makita niya ang may-ari nito subalit wala namang ibang tao.



Ipinagpatuloy ni Elsa ang paghahanap sa kaibigan. Halos maiyak na siya sa pagod at pagkabahala. Nang biglang may tumawag sa kanya. “Ineng, magandang hapon sa iyo,” sabi ng isang matandang babae na halos hindi na makapaglakad dahil sa katandaan.

“Magandang hapon din po, lola. Sino po ang kasama niyo?” tanong ni Elsa.

“Wala akong kasama, Ineng, ngunit may hinahanap akong isang bagay,’’ ang sambit ng matandang babae.

“Ako rin po, Lola, hinahanap ko po ang kaibigan ko. Kayo po ano ang iyong hinahanap niyo?” Tanong ni Elsa.

“Hinahanap ko ang aking bag na may alahas at ginto,” matamlay na sagot ng matandang babae.

.



Napaisip si Elsa kung ang matandang babae ba talaga ang may-ari ng bag. Gayunman, namayani parin ang katapatan niya at kailangan niyang ibigay ang hinahanap na bagay ng matandang babae..

Inilabas niya mula sa loob ng basket ang bag na pula.

“Ito po ba ang hinahanap niyo, lola?,” tanong ni Elsa habang ipinapakita sa matanda ang bag.

“Oo Ineng, iyan nga ang tinutukoy kong gamit. Mabuti na lamang at ikaw ang nakapulot. Maraming salamat,” sambit ng matandang babae.

“Ito po lola, kunin niyo po. Hindi naman akin ito. Ibinabalik ko na po,” sabay abot sa matanda ang bag.



Nasiyahan ang matanda sa pagsasauli ni Elsa sa bag. Napatunayan nito ang busilak niyang puso.

“Napakabait mong bata. Kahit alam mong mamahalin ang laman ng bag na ito, hindi mo ito

pinag-interesan. At dahil dito, bibigyan kita ng gantimpala,’’ nakangiting sambit ng matanda.

“Naku, lola, huwag na po. Hindi naman po sa akin iyan. Masama pong kumuha ng hindi sa kanya. Iyon po ang turo ni nanay sa akin,” sagot ni Elsa.

“Ah, basta kunin mo ang singsing na ito. Regalo ko ito sa iyo. Basta may dalawang kahilingan ka na maaaring ibigay ng singsing na ito,” sabi ng matanda at biglang naglaho.



**Bumulong si Elsa sa singsing na hawak, "Sana mahanap ko na ang kaibigan ko. Ibalik mo sa akin ang kaibigan ko na si Mila."**

**Halos hindi kumukurap si Elsa sa kahihintay sa maaaring mangyari. Sampung minuto na ang nakalipas ngunit wala pa rin si Mila. Akmang tatayo na siya nang mapansing may papalapit sa kanya.**

**"Naku, salamat at nandito ka na, Mila. Kanina pa kita hinahanap. Saan ka ba nanggaling?" sunod-sunod na tanong ni Elsa.**

**"Naligaw ako, Elsa. Kung saan-saan ako napunta. Hindi ko mahanap ang daan pabalik dito. Mabuti na lamang at parang may humila sa paa ko patungo dito," sagot ni Mila.**



Nakauwing matiwasay ang magkaibigan sa kanilang bahay.

"Tapos na ang aking unang kahilingan sa singsing. Ano kaya ang maaari ko pang hilingin dito?" tanong ni Elsa sa kanyang sarili.

Nagtataka siya kung bakit dalawa lamang ang kahilingang maaring ipagkaloob ng singsing sa kanya. Pagod man ang kanyang katawan, hindi pa rin maalis sa kanyang isipan ang tungkol sa singsing.

Kinikilabutan man siya, ngunit mabuti naman ang ibinigay nitong gantimpala sa kanya dahil naibalik ang kanyang kaibigan.

Naglalaro sa isip niya na puwede siyang humiling ng kayamanan para hindi sila maghirap ng nanay niya. Nahihirapan na kasi sila sa buhay.



Kinaumagahan, magsisimula pa lang sanang maglaba si Elsa nang biglang dumating si Aling Norma.

“Anak, masama ang pakiramdam ko,” sabi ni Aling Norma.

“Bakit inay, ano pong nangyari sa inyo?” nag-aalalang tanong ni Elsa. Bigla itong tumayo sa kinauupuan at inalalayan ang nanay niya.

“Parang mawawalan ako ng malay, sobrang nahihilo ako,” sambit ng ina bago ito bumagsak sa lupa.

“Inay! Inay ko!” sigaw ni Elsa. Pumalahaw na ng iyak ni Elsa at hindi na niya alam kung ano ang dapat gawin.

**Tumigil sa pag-iyak si Elsa nang maalala ang singsing. Kailangan na niyang hilingin ang kanyang pangalawang kahilingan. Dali-dali niyang kinuha ang singsing.**

**“Pagalingin mo si inay. Ito ang pangalawa at huli kong kahilingan,” bulong niya sa singsing. Umilaw saglit ang singsing at biglang nagising ang kanyang ina.**

**“Salamat sa Diyos at ligtas ka na inay,” maluha-luhang sambit ni Elsa. Napakabuti ng matandang nagbigay ng singsing sa kanya. Pinagbigyan nito ang kanyang dalawang napakahalagang kahilingan na hindi kayang tumbasan ng anumang kayamanan.**

## Mga Kasanayan sa Pagkatuto:

# Mga Prosesong tanong

**Mga tanong sa loob ng kuwento:**

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Ano ang trabaho ng nanay ni Elsa?
3. Sino si Mila?
4. Ano ang napulot ni Elsa?
5. Paano nakatulong kay Elsa ang singsing na ibinigay ng matandang babae?

**Ang mga ginamit na salita:**

1. **hikahos-** di-sapat
2. **naglapag-**naghain
3. **matiwasay-**maayos
4. **namayani-**nanaig
5. **busilak-** maganda, bukod tangi
6. **sambit-**nasabi

**Komprehensibong tanong:**

1. Ano ang karakter ni Elsa?
2. Ano ang ugaling ipinakita ni Elsa?
3. Ano-anu ang kahilingan ni Elsa?
4. Anong aral ang makukuha sa kuwento ni Elsa at ang Mahiwagang Singsing?

**Karagdagang Gawain:**

Lagyan ng bilang (1-5) ang mga sumusunod ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong binasa:

____a. Pumunta sina Elsa at Mila sa bundok upang mangahoy.

____b. Naglaho ang matandang babae.

____c. nakapulot si Elsa ng bag na pula.

____d. Gumaling ang nanay ni Elsa.

____e. Binigyan ng matandang babae ng singsing si Elsa.

**Pagpapahalaga:**

Basahing mabuti ang kuwento ni Elsa at ang Mahiwagang Singsing. Paano nakatulong ang pagiging tapat ni Elsa upang makamit ang gantimpala?

## Learning Competencies

## Learning Strand 5: Understanding the Self and Society

1. Practice Honesty in one's thoughts, words and actions.

   * Naibabalik/ naisasauli kaagad ang mga bagay na napulot.

   **CODE:** LS 5 DS-ID-PSA-BL/LE/AE/LS/AS-6.1.4

2. Cite examples of situations or occasions in which Self–discipline could or should be practiced:

   **CODE:** LS 5 DS-ID-BL/LE/AE/LS/AS-4.1.2

**Content Standards:** Intrapersonal Relationship ( Positve Sense of Self) and Development of One's Potential

**Performance Standards :** Develop a positive sense of self and discovering one's potential

## Learning Strand 1: Communication Skills(Filipino)


3. Natukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan **CODE:** LSICL/FIL-PK-PPA-BP/AEMB/AEMT-3.1

4. Naisasalaysay na muli ang napakinggang teksto

   **CODE:** LSICS/FIL-PK-PPA-BP/AEMB/AEMT-5.2

**Pamantayang Nilalaman:** Pakikinig( PK )

**Pamantayang Sa Pagganap A:** Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pang-unawa sa napakinggan.



**Rhea R. Linggayo**

Mobile Teacher

Alternative Learning System

Bangued District

Abra Division



The author resides at Arellano St., Zone 6, Bangued, Abra. She is a graduate of Bachelor of Elementary Education and earned 36 academic units at St. Mary's College, Sta. Maria, Ilocos Sur. She has been in formal teaching for 10 years and an ALS mobile teacher since 2014 to present. As a mobile teacher, she has been inspired to craft this storybook out of her desire to assist in the development of communication skills and knowledge among ALS learners. She further hopes that this piece of work shall inspire her learners more to keep on pursuing education for a better tomorrow.

Si Elsa ay isang mag-aaral sa elementarya na anak ng isang naglalabada. Mabait at mapagkakatiwalaan si Elsa. Dalawa na lamang silang mag-ina na magkatuwang sa buhay dahil maaga siyang naulila sa ama. Dahil sa kanyang busilak na puso, nakatanggap siya ng gantimpala mula sa isang matandang babae. At ang gantimpalang ito ay higit na mas mahalaga sa anumang yaman dito sa mundo.